
5

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 3: Kawilihan at Positibong Saloobin



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Kawilihan at Positibong Saloobin**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jeremiah G. Miralles, Maria Fe P. Alas

**Editor:** Caridad P. Baginon, Ma. Cecilia Pacantarra, Teodorico C. Peliño Jr.

**Tagasuri:** Juliet L. Lim, Gretel Laura M. Cadiong, David C. Alcober, Lita V. Jongco, Edna C. Malasaga

**Tagaguhit:** Crisanto Lopera, Jingerlou D. Inot

**Tagalapat:** Gualberto R. Gualberto Jr.

**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Amenia C. Aspa
Mariza S. Magan
Edgar Y. Tenasas
Mark Chester Anthony G. Tamayo
Gretel Laura M. Cadiong
Ranulfo L. Baay
Juliet L. Lim

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region No. VIII**
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 - 323 - 3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# 5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 3:
## Kawilihan at Positibong Saloobin

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

***Para sa tagapagdaloy:***

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 5**, *Alternative Delivery Mode (ADM)* Modyul para sa araling **Kawilihan at Positibong Saloobin**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

***Para sa mag-aaral:***

Malugod na pagtanggap sa **Edukasyon sa Pagpapakatao 5**, *Alternative Delivery Mode (ADM)* Modyul ukol sa **Kawilihan at Positibong Saloobin**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*


Ano nga ba ang kahalagahan ng edukasyon para sa katuparan ng pangarap sa buhay? Ang **edukasyon** ay isang mahalagang sandata sa pagkamit ng mga mithiin sa buhay. Ito din ay daan tungo sa isang matagumpay na hinaharap ng bansa. Bilang mag-aaral nararapat na pag-ibayuhin ang pag-aaral at ipakita ang kawilihihan at positibong saloobin sa pag-aaral sa pamamagitan ng pakikinig sa talakayan, pakikiisa sa mga gawaing pampaaralan, kusang pagpasok sa paaralan at pagbabahagi ng nalalaman sa iba. Sa pamamagitan ng magandang saloobing ito sa pag-aaral nahuhubog nito ang kaisipan tungo sa isang matagumpay na bansa na kailangan ng bawat isa.

Sa pamamagitan ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay:

1. Nakapagpapakita ng kawilihan at positibong saloobin sa pag-aaral
   - pakikinig
   - pakikilahok sa pangkatang gawain
   - pakikipagtalakayan
   - pagtatanong
   - paggawa ng proyekto (gamit ang anumang technology tools)
   - paggawa ng takdang-aralin
   - pagtuturo sa iba
2. Nakapagpapahayag ng mabisang kaisipan at magandang saloobin sa pag-aaral.
3. Nakagagawa ng tamang pasya sa paggawa ng mga gawain sa paaralan.

## *Subukin*

**Gawin A** Magbigay ng 5 salita o pariralang nauugnay sa salitang nakapaloob sa ibaba.



**Gawin B.** Sumulat ng limang pangungusap na nagpapahayag ng iyong pananaw sa pag-aaral.

1.

2.

3.

4.

5.

| Aralin 1 | Kawilihan at Positibong Saloobin |
|---|---|

Ang kawilihan at positibong saloobin ay hindi nararamdaman. Ito ay kusang natatamo kung ang misyon sa sarili ay matuto na may kasamang positibong pananaw sa buhay. Sa buhay ng isang mag-aaral, ang mga nasabing katangian ay maaaring maipakikita sa iba't ibang paraan. Ang pagkakaroon ng positibong saloobin ay nakatutulong sa pagkatuto at pagkuha ng magandang aral sa buhay lalo't higit sa pagtamo ng kaalaman ng bawat indibidwal ay dumadaan sa mahabang proseso bago makamit ang tagumpay.

Bilang mag-aaral, sa papaanong paraan mo maipapakita ang iyong kawilihan at positibong saloobin sa pag-aaral o maging sa araw-araw mong pakikibaka sa buhay?

Halina't simulan, tuklasin at isabuhay ang araling ito.

## *Balikan*

Sa panahon ngayon, malaki ang partisipasyon ng makabagong teknolohiya sa larangan ng edukasyon. Sa pagsasanay na ito, lubos mong mauunawaan ang mga bagay na makatutulong sa iyong pag-aaral.

**Panuto.** Isulat ang tsek (✓) sa bilang na nagpapakita ng mabuting epekto ng paggamit ng *computer* sa pag-aaral at ekis (**X**) kung hindi ito nagpapakita ng magandang epekto.Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. Nakapagsasaliksik para sa takdang aralin.
2. Nakapaglalarong *video games* at hindi na ginagawa ang mga tungkulin sa tahanan at paaralan.
3. Nakapanonood ng *video* tungkol sa mga sinaunang Pilipino.
4. Nakakakalap ng mga impormasyon na may kinalaman sa unang tao na nakarating sa buwan.
5. Nakapag e-*encode* ng sanaysay para sa proyekto sa Edukasyon sa Pagpapakatao.

## *Tuklasin*

Ang pakikiisa at pagiging positibo sa gawain ay isang magandang kaugaliang nararapat pahalagahan at panatilihin ng bawat isa. Maipapakita ito sa pamamagitan ng pagsali sa mga organisasyon at mga programa o proyekto ng paaralan para sa kapakanan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, mahuhubog din ang kakayahan ng bawat isa at mahihikayat silang makisalamuha, makapagbibigay-pahayag ng mabisang kaisipan at makabubuo ng wastong pasya sa bawat hakbang na gagawin.

Ang tanong, kailan ka nakiisa sa iyong mga kaklase sa paggawa ng proyekto?

**A. Panuto.** Suriing mabuti ang larawan. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot.



1. Ano ang ginagawa ng mga mag-aaral sa larawan?
   A. Nagkakasiyahan sa paglalaro
   B. Pinag-uusapan ang ibang kaklase
   C. Nagtutulungan sa pangkatang gawain
   D. Masusing nag-uusap tungkol sa kahit anong bagay

2. Ano ang ipinapakita ng bawat miyembro ng pangkat sa kanilang ginagawa?
   A. Nagtutulungan ang bawat miyembro
   B. Nakikinig ang bawat isa sa ideya ng iba
   C. Nakikiisa ang bawat isa sa gawain
   D. Lahat ng nabanggit

3. Sa iyong palagay, ano ang dapat tandaan ng bawat miyembro ng pangkat upang maging mabilis at maayos ang gawain?
   A. Ipaubaya sa ibang miyembro ang gawain dahil sa tingin mo mas magaling sila sa iyo.
   B. Makikilahok ang bawat miyembro upang mapadali ang gawain.
   C. Hindi sasali sa gawain dahil walang ibabahaging ideya.
   D. Ipagpilitan ang nabuong ideya tungkol sa gawain.

4. Ano ang iyong gagawin kung hindi mo naintindihan ang ipinapagawa sa iyo ng guro?
   A. Hayaan na lang kasi nakakahiya.
   B. Magtatanong sa katabi kung anong gagawin.
   C. Hindi na lang iintindihin ang sinasabi ng guro.
   D. Mahinahon na tatanungin ang guro tungkol sa gawain.

5. Bakit kailangan ang pagkamahinahon kapag may ginagawang proyekto ang iyong pangkat?
   A. Upang maintindihan ang ideya ng bawat isa nang mapabilis ang ginagawang proyekto
   B. Upang lalong mapatagal ang ginagawang proyekto
   C. Upang bigyan ng malaking marka ng guro
   D. Upang purihin ng guro

**B. Panuto.** Basahin at ipahayag ang iyong reaksiyon sa sumusunod na sitwasyon sa pamamagitan ng pagsulat ng sagot sa sagutang papel.

1. Mayroon kayong pangkatang gawain sa EsP at ikaw ang napiling lider. Isa sa iyong kaklase na kasali sa inyong grupo ay hindi tumulong sa gawain. Sa halip ay umupo lang siya sa isang tabi at pinanood kayo habang nag-eensayo. Paano mo siya hihikayating lumahok sa pangkat?

   ____________________________________________________________

   ___________________________________________________________.

2. Bagong lipat ka lang sa isang paaralan at nagkataong naghahanap ang iyong guro ng isang mag-aaral na lalahok sa patimpalak na *Taekwondo*. Wala silang makuhang estudyante na marunong sa isport na ito. Hindi nila alam na mayroon kang angking kakayahan at talento sa ganitong uri ng laro. Ano ang iyong gagawin? Bakit?

   ____________________________________________________________

   ___________________________________________________________.

3. Nagpunta kayo ng mga kaklase mo sa isang *internet shop* upang magsaliksik sa ibinigay na proyekto ng inyong guro sa MAPEH. Napansin mong karamihan sa mga kasama mo ay naglalaro sa computer sa halip na gawin ang pakay sa pagpunta roon. Ano ang maimumungkahi mo? Papaano mo ito sasabihin sa kanila?

   ____________________________________________________________

   ___________________________________________________________.

## *Suriin*

**Gawin A.** Basahin at unawain ang artikulo tungkol sa mga mabuting maidudulot ng paggamit ng *internet* sa iyong pag-aaral.

**Kahalagahan ng *Internet* sa Buhay Natin**

Ang internet ay naging malaking bahagi ng ating buhay. Nakatulong ito sa mga estudyanteng kagaya natin sa paggawa ng mga gawain natin sa school o sa mga *research*. Nakapagpalawak ng bokabularyo sa mga estudyanteng gumamit ng internet sa pamamagitan ng panunuod ng *YouTube*, paggamit ng mga *search engines* tulad ng *Google*. Pagdating naman sa balita, ang *social news* ay mabilis na makasagap ng bagong balita mula sa bansa. Kung dati, ang komunikasyon ay sa sulat lamang ngayon ay pwede ng mabilisang pag-uusap sa pamamagitan ng *chat, e-mail, skype,* at iba pa. Kumpara noon pumupunta pa tayo sa mga pampublikong aklatan para lang makakuha ng mga impormasyon. Ngayon, dahil sa makabagong teknolohiya, ang *internet* ay nagpapadali ng pananaliksik natin sa mga bagong impormasyon para sa pag-aaral natin. May mga tao naman na may masamang intensyon sa paggamit ng *internet.*

Sa paglipas ng panahon, may mga bagay na naimbento para sa pag-unlad ng ating kaalaman para maging mas handa sa ating hinaharap sa ating buhay. Ang paggamit ng internet ay isang mahusay na komunikasyon kahit saang lugar sa mundo. Ito ay mahusay ring gamitin sa mga takdang-aralin na nakapagdagdag ng impormasyon.

Ang social media naman ay nagagamit sa pakikihalubilo sa lipunan at kapwa sa pamamagitan ng mga elektronikong kasangkapan tulad ng *computer, cellphone, tablet* at iba pa na pwedeng ibahagi ang iyong mga ginagawa, mga larawan, musika, mga aktibidad, mga gusto at ayaw, mga *video* at marami pang iba na pwede mong maisip.

Nakakatulong din ito sa mga estudyanteng katulad mo na makipag-ugnayan sa ibang tao. Ang *YouTube* ay nagagamit nating instrumenting makapanood ng mga balita, napapanahong isyu at *educational videos* na maaaring makatulong sa atin na magiging mulat sa pangyayari sa kasalukuyang lipunan. Higit sa lahat nakatulong rin ang makabagong teknolohiya sa pag- unlad natin at sa pagiging malikhain natin ay napabuti at napadali ang takbo ng buhay ng mga tao at sa mga kinabukasan natin.

Bilang isang mag-aaral, sa papaanong paraan nakatutulong sa iyong pag-aaral ang paggamit ng *internet*? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1

2.

3.

**Gawin B.** Kompletuhin ang mga pariralang makikita sa kahon upang mabigyang diwa ang pahayag.

| |
|---|
| Makikiisa ako… |
| Tamang pagpapasya… |
| May positibong saloobin… |

## *Pagyamanin*

Ayon sa Education 643 (2016), ang pagkakaroon ng isang mataas at matibay na edukasyon ay isang saligan upang mabago ang takbo ng ating buhay. Matibay ang edukasyon kung ito ay pinagsamang katalinuhan at pag-unawa bunga ng mga pormal na pag-aaral tungkol sa iba't ibang asignaturang tinuturo sa atin ng mga guro at ng ating mga magulang. Ito ay kailangan ng ating mga kabataan sapagkat ito ang kanilang magiging sandata sa buhay para sa kanilang kinabukasan.

Papaano mo mabibigyang katuparan ang iyong mga pangarap sa buhay? Isulat ang isang sagot sa iyong kwaderno.

## *Isaisip*

Ayon sa kasabihan, "Ang tunay na anyaya, sinasamahan ng hila". Kaya ang pagiging aktibo sa pakikilahok sa mga gawain sa paaralan, paggawa ng takdang-aralin sa tamang oras, pag-aaral ng mga aralin, at paggamit ng mga makabagong teknolohiya nang may kabuluhan sa pag-aaral ay magiging gabay upang maabot ang mithiin sa buhay.



# *Isagawa*

Naipakikita mo ba ang tamang saloobin sa pag-aaral? Basahing mabuti ang sitwasyon sa bawat bilang. Kopyahin ang talahanayan sa ibaba. Guhitan ng bituin (★) ang kolum ng iyong sagot.

| Mga Sitwasyon | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nakikipag-usap ka ba sa katabi habang ang guro ay nagsasalita sa harap ng klase? | | |
| 2. Tumutulong ka ba na matapos ang nakalaang gawain sa inyong grupo? | | |
| 3. Gumagamit ka ba ng magagalang na salita tuwing ikaw ay nagtatanong sa iyong guro? | | |
| 4. Dapat bang magpakita ng kawilihan sa pag-aaral? | | |
| 5. Nagbibigay ka ba ng opinyon o ideya tuwing may pangkatang gawain? | | |



# *Tayahin*

**Panuto.** Ipahayag ang iyong mabisang kaisipan, tamang pagpapasya at magandang saloobin sa mga sumusunod na sitwasyon o gawain. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. May ipinagawang proyekto ang inyong guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP), paano mo mapapadali ang iyong proyekto?

___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

2. Ano ang nararapat gawin habang naghihintay sa susunod na klase?

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

3. Malapit na ang pagsusulit, ano ang nararapat mong gawin upang maipasa mo ang lahat ng asignatura at makakuha ka ng magandang marka?

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

4. Kabilang ka sa grupong inatasan na gumawa ng proyekto tungkol sa kabutihang naidudulot ng pagtutulungan sa komunidad. Bilang kasapi nito, ano ang iyong gagawin?

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

5. Madalas kang nahuhuli sa klase sa unang markahan dahil ikaw ang tapaghatid ng iyong nakababatang kapatid. Paano mo ito malulunasan upang hindi maaapektuhan ang iyong pag-aaral lalot higit ang iyong mga marka sa mga apektadong asignatura?

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

6. Nagkataon na ikaw lamang ang naiwan sa inyong bahay dahil wala kang pasok at umalis naman ang iyong mga magulang. Paano mo gugulin ang iyong oras sa pamamalagi mo sa bahay nang mag-isa?

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

7. Nagbigay ang guro ng pangkatang gawain sa inyong klase na ang nasabing gawain ay isasagawa at ipapakita sa klase kinabukasan. Isa ka sa mga kasapi sa pangkat na may limang (5) miyembro. Kinabukasan, lumiban ang inyong lider, paano mo mapamamahalaan ang inyong pangkat sa kabila ng ikaw ang napili nilang mag-uulat sa inyong output?

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

8. Nagkataong nagbigay ang inyong guro sa klase ng pasulit. Nakiki-usap ang iyong katabi na mangongopya sa iyo ng sagot dahil hindi siya nakapag-aral.

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

9. Sa panahon ngayon, kalimitan sa mga kabataang kagaya mo ay kinahihiligan ang mga *gadgets* gaya ng *cellphone* at panonood ng telebisyon tuwing gabi kaysa mag-aral at magbasa. Paano mo mapapamahalaan ang iyong sarili sa ganitong sitwasyon?

____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________

10. Ipagpalagay na ikaw ay marunong maglaro ng *chess* at mahusay sa Matematika, pinakiusapan ka ng iyong guro na ibahagi ang iyong angking kakayahan. Sa papaanong paraan mo ito gagawin o ipakita nang makatulong sa kapwa kaklase?

____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________

## *Karagdagang Gawain*

**Gawin A.** Isulat ng **tsek** ( ✓ ) ang patlang kung ang pahayag ay nagpapakita ng kawilihan at positibong saloobin sa pag-aaral at **ekis** ( X ) kung hindi nagpapakita ng kawilihan at positibong saloobin sa pag-aaral.Isulat sa sagutang papel ang sagot.

1. Nakikipag-usap sa katabi sa oras ng talakayan ng guro.
2. Aktibong nakikilahok sa pangkatang gawain.
3. Nagtatanong kung mayroong hindi naintindihan sa aralin.
4. Inuuna ang paglalaro kaysa sa paggawa ng proyekto.
5. Maagang tinatapos ang takdang aralin.

**Gawin B.** Ilahad ang iyong sariling karanasan na nagpatunay na ikaw ay nakagawa nang tamang pagpapasya sa paggawa ng mga proyekto sa paaralan. Sikaping sundin ang pamantayang ibinigay upang maging matagumpay at maayos ang paglalahad.

**Pamantayan sa Pagtataya ng Paglalahad**

| **Binigyang-Tuon** | **5 Puntos Natatangi** | **3-4 Puntos Katamtamang Kagalingan** | **1-2 Puntos Nangangailangan ng Patnubay** |
|---|---|---|---|
| Paksang-Diwa | Nagpapahayag at kakikitaan ng tamang pagpapasya sa paggawa ng gawain | Ilang bahagi ay kakikitaan ng tamang pagpapasya sa paggawa ng gawain | Hindi isinaalang-alang ang tamang pagpapasya |
| Banghay at Gramatika | Maayos na nailahad ang mga ideya at nagtataglay ng tamang gramatika | Ilang bahagi ay nangangailangang itama ang ideya at gramatika | Hindi nagpapakita ng kaayusan sa banghay at gramatika |
| Pananaw | Malinaw at mahusay na nagamit ang pananaw sa kabuuang panulat | Malinaw subalit hindi nagamit nang lubusan ang pananaw | Nagpapasalin-salin ang pananaw na nagpasalimuot sa kabuuan ng panulat |
| **INTERPRETASYON** | Napakahusay, napakaayos at napakalinaw ng paglalahad - 13-15 puntos<br>Mahusay, maayos at malinaw ang paglalahad- 10-12 puntos<br>Katamtamang husay- 8-9 puntos<br>Dapat pang paghusayan at ayusin- 7 puntos-pababa | | |

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. Masayang mga nakikilahok sa mga pagtatalakayan sa klase.
2. Buong husay na naipapakita sa klase ang ibinigay na gawain.
3. Tinatanggap ang opinyon o ideya ng kasama sa pangkat.
4. Nagtatanong ng mahinahon sa guro kung hindi naintindihan ang ipinagagawa.
5. Taimtim na nakikinig sa guro.

**Balikan**

1. /
2. X
3. /
4. /
5. /

**Tuklasin**

- c　　3. b　　5. a
- d　　4. c

(Posibleng sagot)

A. Kakausapin nang mahinahon at hihikayating makiisa sa pangkat
B. Magsasabi sa guro na marunong ka sa isport na ito at nais mong sumali sa patimpalak
C. Ipaliliwanag sa mga kaklase na unahin munang gawin ang proyekto kesa sa paglalaro

**Suriin**

(Posibleng sagot)

1. nakatutulong ito sa pagpapalawak ng kaalaman
2. nakakakuha ng mga mahahalagang impormasyon
3. nagbibigay ng ideya sa mga proyektong gagawin

| |
|---|
| Makikiisa ako sa mga gawain o proyekto sa paaralan. |
| Tamang pagpapasya ang nararapat upang may direksiyon ang anomang gagawin. |
| May positibong saloobin ang isang mag-aaral na handing harapin ang hamon sa buhay na alam niyang magiging daan upang magkaroon ng magandang kinabukasan. |

**Pagyamanin**

(Posibleng sagot)

Magsumikap sa pag-aaral at maging positibo sa lahat ng bagay upang maabot ang mga pangarap sa buhay.

**Isagawa**

| OO | HINDI |
|---|---|
| 1. | ★ |
| 2. ★ | |
| 3. ★ | |
| 4. | ★ |
| 5. ★ | |

**Tayahin**

Ang sagot ay nag-iiba ayon sa kakayahan ng mag-aaral (Gamitin ang rubrics para dito

# *Sanggunian*


Bautista, Ghen. 2016. *Brainly*. March 2. Accessed June 10, 2020. https://brainly.com/careers/about.html.

Department of Education. 2016. *Edukasyon sa Pagpapakatao: Grade 5*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. 2015. *Edukasyon sa Pagpapakatao: Ikalimang Baitang*. Region Item Bank, Philippines: Department of Education.

education643. 2016. *Edukasyon: Susi, Tulay, Hagdan, at Sandata ng Tagumpay*. January 17. Accessed June 10, 2020. https://education643.wordpress.com/2016/01/27/edukasyon-susi-tulay-hagdan-at-sandata-ng-tagumpay/.

Ylander, Zenaida R. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Quezon city: Vibal Group, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph